

## Sagot sa mga katanungan

OO

Hindi

1.

Ang taong nagsabi ng kahit isang kasinungalingan, ayon sa pamantayan ng Diyos, ay isang sinungaling. Sa aklat ng Pahayag 21:8 sabi ng Diyos "...at sa lahat ng mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa dagat-dagatang nagniningas na apoy at asupre..." (Ika-9 na Utos).

OO

Hindi

2.

Ang taong nagnakaw ng bagay (maliit man ang halaga), ayon sa pamantayan ng Diyos, ay isang magnanakaw. Sa 1 Korinto 6:10, sabi ng Diyos ".....Ni ang mga magnanakaw.....ay hindi mangagmamana ng kaharian ng Diyos." (Ika-8 Utos)

OO

Hindi

3.

Kung ako'y tumingin sa tao ng may pagnanasa, ayon sa pamantayan ng Diyos, ako ay isang mangangalunya. Sabi ni Hesus, "**Datapuwa't** sinasabi Ko sa inyo, na ang bawat tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kanyang puso." (Mateo 5:28)  
Sa Aklat ng 1 Korinto 6:9-10, sabi ng Diyos, walang mangangalunya "na .... mangagmamana ng kaharian ng Diyos." (Ika-7 Utos)

OO

Hindi

4.

Kung binanggit ko ang pangalan ng Diyos bilang salitang nag-papakita ng inis, suya o kabiguan, ako ay isang lapastangan. Sabi ng Diyos sa Aklat ng Leviticus 24:16 "...At ang lumapastangan sa pangalan ng Panginoon ay papataying walang pagsala.." (Ika-3 Utos)

OO

Hindi

5.

Ayon sa Bibliya, "...ang lahat nating ka-tuwiran ay naging parang basahang marumi.." (Isa. 64:6) Nangangahulugan ito na ang lahat ng aking "mabubuting gawa" kailanman ay hindi maaaring alisin o ipagpalit sa mga nagawa kong hindi pagsunod sa mga Banal na Utos ng Diyos.

OO

Hindi

6.

Isipin natin, kung ang isang tao ay nakagawa ng isang malubhang krimen... tulad ng pagpatay... At pagkatapos ay nagbigay siya ng salapi sa kawanggawa, sapat na ba yaong kapalit ng nagawa niyang krimen? Hindi.

OO

Hindi

7.

Sa gayon ding paraan, hindi sapat ang ating mga "mabubuting gawa" pampalit sa mga kasalanan natin sa Diyos.

OO

Hindi

8.

Ang una sa Sampung Utos ay "Huwag kang magkaroon ng ibang mga diyos sa harap Ko." Ito'y nangangahulugan na dapat nating mahalín ang Diyos nang buong puso, kaisipan, kaluluwa at lakas. Ayon sa Bibliya walang nakatupad sa utos na ito (Awit 14;2-3);kung sabihin kong natupad ko ito, sinuway ko ang ika-9 na Utos sa pamamagitan ng pagsisinungaling. (Ang Unang Utos)

## Ayos Ba?

Ipinakita nitong maikling pagsusulit kung ano ang magiging katayuan mo 'pag hinatulan ka ayon sa limang Utos lamang. Kung ang hatol sa iyo ay nakasalalay sa pamantayan ng Diyos, ikaw ba ay may sala o walang sala sa paglabag sa Kanyang mga utos? (Napatunayan na ikaw ay may pagkakasala). Kahit na tapat na nakatupad ka sa siyam sa Sampung Utos sa buong buhay mo, nilabag mo ang Unang Utos (tanong #8). Huwag kang mabahala. Hinihimok ka namin na magtiyaga at magpatuloy. Tapat ang aming hangarin bunsod ng tunay na pagmamalasakit sa iyong kaluluwa.

Ngayong alam mo na ikaw ay may pagkakasala at lumabag sa kautusan ng Diyos, sa tingin mo, patungo ka ba sa Langit o sa Impyerno? Bagama't waring ang kabutihan ng Diyos ang mag-uudyok sa Kanya na huwag bigyang pansin ang iyong mga kasalanan, ang kabaliktaran nito ang katotohanan. Sa dahilang napakabuti ng Diyos, sisiguraduhin Niya na ang mga magnanakaw, at rapist ay makatanggap ng kaparusahan... Ngunit hindi Siya hihinto roon. Titiyakin din Niya na ang lahat ng mga sinungaling, lapastangan, at mga naki-apid ay parurusahan. Bagama't ito'y sukdulang nakapanlulumo at malayo sa pangunahing hangarin ng Diyos, malinaw na nakasaad sa Bibliya na ang kaparusahan sa mga hindi tumatalikod sa kanilang mga kasalanan ay Impyerno.

Hindi ka ba nababahala sa katotohanang ikaw ay patungong Impyerno? Dapat lang! Sabi ni Hesus na ang Impyerno ay sukdulang nakapanghihilakbot na higit na mabuti na dukutin mo ang iyong mga mata kaysa magdusa ka ng walang hanggan (Marcos 9:43-48).


Batid mo ba kung ano ang ginawa ng Diyos upang ikaw ay hindi mapunta sa Impyerno? Sinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak na si Hesus upang mamatay sa krus - nagdusa at sumailalaim sa kaparusahang hinihingi ng katarungan. Bumangon Siya sa libingan at tinalo Niya ang kamatayan magpakailanman. Nakasulat sa Bibliya na "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan." Kung magsisi ka sa iyong kasalanan at manalig kay Hesus, sabi ng Diyos na patatawarin Niya ang lahat ng iyong mga kasalanan at bibigyan ng Buhay na walang hanggan kung ikaw ay magsisi (nangangahulugang ihayag mo sa Diyos ang iyong mga kasalanan at ito'y tatalikuran mo) at manalig ka kay Hesus, hindi mo na pagdurusan ang katarungan ng Diyos sa Impyerno sapagkat binayaran na ni Hesus ang iyong mga kasalanan sa krus.

Kung hindi mo tiyak kung ano ang dapat mong ipanalangin, maaari mong gamitin itong halimbawa: "Mahal kong Diyos, ako ay nagsisisi sa lahat ng aking mga kasalanan tulad ng (banggitin ang mga kasalanan). Ako ay nananalig kay Hesu Kristo na aking Tagapagligtas at Panginoon (pag sinasabi mo na si Hesus ang iyong Panginoon, ito'y nangangahulugang isinusuko mo na kay Hesus ang iyong buhay). Patawarin Mo ako at ipagkaloob Mo sa akin ang buhay na walang hanggan. Ito ang dalangin ko sa pangalan ni Hesus, Amen". Basahin mo ang Bibliya araw - araw at sundin ito. Hinding-hindi ka pababayaan o iiwan ng Diyos.

Alamin ang kasagutan sa pagsagot  
mo sa 8 sumusunod na katanungan!

**Ako ba'y mabuting tao?**  
Higit na matimbang ba ang aking "kabutihán"  
kaysa sa aking "kasamaan"? Mabuti ba akong  
tao ayon sa pamantayan ng  
Diyos? Kung gayon sapat  
ba ang aking  
"kabutihán" upang  
makarating ako  
KABUTIHAN ng langit?

**KASAMAAN**



## 8 Mabilisang Tanong

Gamitin ang iyong ballpen o lapis sa pagmarka ng inyong tamang kasagutan.  
Kapag ika'y tapos na, maaari nang buksan ang papel upang makita ang iyong marka.

- |   |                             |
|---|-----------------------------|
| 1. Ako ba'y nakapagsabi na ng hindi totoo?  | <input type="radio"/> Oo    |
|   | <input type="radio"/> Hindi |
| 2. Ako ba'y kumuha na ng bagay na hindi akin?   | <input type="radio"/> Oo    |
|   | <input type="radio"/> Hindi |
| 3. Ako ba'y tumitingin sa tao na may pagnanasa? Kasama rito ang pagtatalik bago mag-asawa.  | <input type="radio"/> Oo    |
|   | <input type="radio"/> Hindi |
| 4. Ginamit ko ba ang mga salitang "Diyos ko" o "Hesus" bilang mura o pagpapakita ng kabiguan, inis o suya?  | <input type="radio"/> Oo    |
|   | <input type="radio"/> Hindi |
| 5. Ako ba'y nagbibigay ng salapi sa kawanggawa?   | <input type="radio"/> Oo    |
|   | <input type="radio"/> Hindi |
| 6. Ako ba'y palagian kung magsimba?   | <input type="radio"/> Oo    |
|   | <input type="radio"/> Hindi |
| 7. Nakasanayan ko bang magbasa ng Bibliya araw-araw?  | <input type="radio"/> Oo    |
|   | <input type="radio"/> Hindi |
| 8. Natupad ko ba ang una sa Sampung Utos ng Diyos? (Ang una sa Sampung Utos ay: "Huwag kang magkaroon ng ibang mga diyos sa harap Ko" Exodus 20 KJV). | <input type="radio"/> Oo    |
|   | <input type="radio"/> Hindi |

Para sa karagdagang impormasyon:

